Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING DALAWANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-22 NG MARSO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
3.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
4.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
5.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
6.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
7.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Mga Di-Dumalo:

1.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
2.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 61-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAPASIYAHAN NA KUMIKILALA AT NAGPAPATIBAY SA KASULATAN NG PAGPAPAUBAYA (WAIVER) NA ISINULIT NINA MARCIANA LAPINID AT PABLO MARTIN PARA SA LUPANG DOMINYO NA KANILANG TINATANG-KILIK.

SAPAGKA'T, si Marciana Lapinid at Pablo Martin ay nagsulit ng isang Pinanumpaang Salaysay na nagsasaad ng kanilang kusang-loob na nagpapaubaya sa ngalan ng pamaha-laang bayan ng kanilang lupang tinatangkilik na kinikilalang lupaing dominyo upang maisakatuparan ang pambayang pagawain sa lupaing may sukat na 35 x 1 metro na matatagpuan sa Barangay Aplaya.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawa-han ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagkilala at pagpapatibay sa Kasulatan ng Pagpapaubaya (waiver) na isinulit nina Marciana Lapinid at Pablo Martin para sa lupang dominyo na kanilang tinatangkilik.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:
Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-12 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-22 ng Marso, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim